REBOLUSYONARYO A PAGIWARNAK TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON

# DANGADANG

Abril 2022 | Taon 36 Bilang 2 | P10.00 | Ipasa Pagkatapos Mabasa




**Editoryal**

# MAPANGAHAS AT MAPANLIKHANG ISULONG ANG MASIGLANG KILUSANG MASA SA HARAP NG TUMITINDING KRISIS AT KAHIRAPAN

Nang umarangkada ang kampanyahan para sa reaksyonaryong eleksyong 2022, naging matingkad na mga aktibidad ang pag-iikot ng mga tumatakbong kandidato sa iba't ibang antas ng posisyon sa gobyerno. Sa gitna ng patuloy na paglubha ng krisis sa Pilipinas, nasasalaula ang ere sa buhos ng samu't-saring propaganda ng papuri at paninira at paglaganap ng magkahalong makatotohanan at pekeng balita sa araw-araw upang makabig ng mga pulitiko ang boto ng mamamayan.

Dito sa rehiyong Ilocos-Cordillera, namamayagpag na naman ang mga dinastiya ng mga naghaharing uri sa mga ilang ulit na napakong mga pangako at kabulastugan. Nagmimistulang mga banal na tagapagligtas kung maglahad ng kanilang plano paano iahon ang lubog sa kahirapan at kagutumang nasasakupan nila na lalong lumala sa loob ng henehererasyon ng kanilang panunungkulan. Nariyan ang dinastiyang Marcos at Farinas sa Ilocos Norte, Singson sa Ilocos Sur, Ortega sa La Union, Bulut sa Apayao, Valera at Bernos sa Abra. Sa kanilang mga talumpati, iilan lang sa kanila ang bumabanggit ng mga hakbangin at plataporma na bagamat patsepatseng tumutugon sa kagyat na suliranin ng masa, hindi naman tuwirang nakatuon sa paglutas sa mga batayang problema ng lipunan na nakaugat sa bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema na kanilang pinaghaharian.

Muli, inaaliw ng mga trapo ang mga botante sa nakagawian na nilang mga nakakasukang gimik. Ang mga pulitikong nasa kapangyarihan na palaging may nakahandang mga pribadong armadong tauhan, sa kanilang pag-iikot, namudmod na ng kung ano-ano bago pa man ang upisyal na pangangampanya. Sa Cordillera, para tipunin ang kanilang mga nasasakupan sa mga baryo, itinataon sa pay-out ng 4Ps at sa mga *senior citizens*, nandiyan ang pamimigay ng kumot, kakarampot na ayuda para sa mga apektado ng COVID 19 at kalamidad, ilang pirasong itlog at panis na tinapay bilang insentibo sa nagpabakuna, inaamag na *spaghetti* para sa *noche buena* at iba pang asal-tiranong panghahamak. Sa mga baryong inupuan ng RCSPO, kasama ang mga militar at pulis, tinipon ang daan-daang mga mamamayan, pinasumpa bilang mga NPA o suporter ng mga NPA na nagbalik-loob bago inabutan ng maliliit na balot ng grocery at isang libong *cash* para kuno sa masaganang pagbabagong-buhay nila.

Sa kabila ng mga magarbong karaban at magastos na elektoral na palabas ng magkakatunggaling mga partido ng naghaharing uri, ang sumasamang kalagayan na bunga ng lumalalim na krisis ay tuloy-tuloy na iniinda ng mamamayan.

### Hagupit sa Mga Magsasaka sa Kanayunan

Nanatiling mayor na base ng ekonomiya ang atrasadong agrikultura ng bansa. Ang bulto ng pwersang paggawa ng bayan ay nasa pagbubungkal ng lupa na mas matingkad dito sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera dahil iilan lang ang nakatayong mga pagawaan. Halos buong pamilya ng mga magsasaka at manggagawang bukid ay gumagampan ng produktibong aktibidad kasama na ang kababaihan at mga bata para sa pagkain ng pamilya at lipunan, ilang mga produkto para sa lokal na pagproseso at para sa eksport. Kongkretong pinapasan ng uring magsasaka ang pinakamalubhang pagkaatrasado ng malapyudalismo sa kanayunan. Inilalarawan ito ng laganap na karukhaan dahil sa pag-iral ng iba't-ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala na matagal nang nagpapahirap sa masang magsasaka, manggagawang bukid, pambansang minorya at mga mangingisda. Lalo pang bumilis ang paglala ng kahirapan sa pagsalanta ng COVID 19, walang kasingbangis na kontra-rebolusyonaryong gera ng korap at teroristang rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan, pagpataw ng mga *neoliberal* na dikta ng imperyalismong US, at hambalos ng mga kalamidad na nagbangkarote sa daan-daang libong magsasaka dito sa ating rehiyon.

### Mga Anyo ng Pyudal at Malapyudal na pagpapahirap

**Mabigat na pasaning upa sa lupa.** Mayorya sa mga magsasaka ay walang sariling lupa o kung mayroon man ay lubhang napakakitid ng binubungkal kaya karamihan ay nakikisaka at nagbabayad ng upa sa lupa. Malinaw itong inilarawan ng kalagayan sa Ilocos kung saan 47% o halos kalahati ng mga nagbubungkal ng lupa ay walang sariling lupa. Sa Cordillera ang makitid na agrikultural na lupain ay dahil sa matatarik at mabatong kabundukan na likas na sagka sa pisikal na paglawak ng sakahan. Halimbawa, sa isang baryo ng Pilar, Abra na may populasyong 591, ayon sa datos ng lokal na gobyerno, 152 ang rehistradong magsasaka. Ang mga magsasakang ito na nagtatanim ng palay ay nagbubungkal lang ng kabuuang 62.5 ektarya kung saan 11.8 ektarya lang nito ang may irigasyon. Kaya ang *average* na lawak ng bawat binubungkal nilang tinatamnan ng palay ay walang kalahating ektarya

REBOLUSYONARYO A DYARYO TI UMILI ITI AMIANAN-LAUD A LUZON
DANGADANG

Ang *Dangadang* ay rebolusyonaryong dyaryo sa Hilagang-Kanlurang Luzon sa patnubay ng **Partido Komunista ng Pilipinas**. Inihahayag dito ang mga balita sa mga aksyon ng Bagong Hukbong Bayan at pakikibaka ng mamamayan gayundin ang pagsusuri sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan.

Bukas ang *Dangadang* sa anumang tanong, puna, mungkahi, koresponsal at pangkulturang likha upang mapaunlad ang nilalaman.

Pagtulungan nating paunlarin ang *Dangadang*. Ang sampung pisong halaga ng dyaryo ay malaking tulong upang suportahan ang pagpapatuloy ng paglabas nito.

bawat isa. Ayon sa datos ng munisipyo, 22 o 15% sa 152 na magsasaka ay tenant o nakikisaka sa lupa ng iba.

Sa buong saklaw ng rehiyon, iba't-iba ang kundisyong umiiral sa mabigat na pasanin ng mga magsasaka sa pagbabayad ng upa sa lupa batay sa iba't-bang klase ng pananim.

Habang ganito ang sitwasyon ng karamihan ng populasyon sa kanayunan, hawak naman ng iilang panginoong maylupa lang ang malalawak na lupain. At mas masahol pa, pag-aari ang mga ito ng mga kabilang sa mga pampulitikang dinastiya tulad ng mga Marcos na nang-agaw ng mga lupain sa Ilocos Norte, libo-libong ektaryang lupain ng mga Singson sa Ilocos Sur, daan-daang ektarya ng mga Bernos sa Abra, at daan-daang ektarya ng mga Ortega sa La Union.

Lalo pang pinalulubha ang kasalatan ng lupang mabubungkal sa pagpasok ng mga mapinsalang mga proyekto tulad ng mga Hydro Electric Power Plants na kung hindi mapigilan, ilulubog ng pitong itatayong *megadams* sa kahabaan ng Apayao River ang libo-libong ektaryang sakahan. Dagdag pa rito ang pinsalang idudulot ng 89 pang ibang maliit, malalaki at mga *megadam* na mga aprubadong proyekto sa Cordillera, itatayong *geothermal power plant*, malalawak na minahan, kumbersyon para sa mga proyektong *real estate* sa Ilocos at ekoturismo sa Cordillera.

**Malaganap ang usura o lubhang napakataas na interes sa utang** na naglulubog sa mga magsasaka sa utang o kaya ay dumudulo sa pagkakailit ng kanilang mga lupa, mga hayup pansaka at iba pang naipundar na maliliit na ari-arian. Ang mga usurero ang nagpapautang ng *cash*, nagsusuplay ng mga binhi, abono, pestisidyo, herbisidyo, may mga makinaryang pangproduksyon tulad ng *reaper* o *harvester combine, tractor, backhoe,* malalaking kiskisan, mga bodega, malalaking trak, at *agricultural suplay*. Sila rin ang mga *buyer* at *trader* ng mga produkto sa mga sentrong bayan. Maliban sa mga komersyante-usurero, nandiyan rin ang pribadong mga *lending institution* (ASA, CARD Inc, CARDBANK, Saint Lucy).

**Mataas na upa sa mga makinang kagamitan** sa produksyon tulad ng kuliglig, *tractor, reaper* o *harvester combine, thresher, sheller,* kiskisan, *hauler trucks, water pump* at iba pa. Tuloy-tuloy pa itong tumataas dahil sa walang awat na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo na hindi na mapakialaman ng reaksyonaryong gubyerno mula nang isinabatas ang Oil Deregulation Law at Train Law na nagpataw ng suson-suson na buwis – VAT, EVAT, *excise tax* sa mga produktong petrolyo na walang awa na pumipiga sa mamamayan.

**Bagsak na presyo ng produkto:** palay, mais, gulay, tabako, saging at iba pang produktong bukid. Sumadsad ang presyo ng palay mula ng ipatupad ang Rice Liberalization Law at pagbaha ng imported na bigas mula sa ibang bansa. Nang ipataw ng inutil na pasistang si Duterte bilang tugon sa paglaganap ng COVID 19 ang mahigpit na *lockdown*, tumigil ang ikot ng ekonomiya, marami ang hindi naibenta at marami ang nabulok na lang na produkto ng mga magsasaka. Nang bahagyang lumuwag ang ekonomiya dumagsa pa ang mga *imported* na mga produktong agrikultural kasabay ng puslit na mga gulay at prutas.

**Mababang sahod at pagkawala ng kabuhayan ng mga manggagawang bukid.** Sa harap ng tuloy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga batayang bilihin, kahit anong higpit ng sinturon ang gawin, hindi makaagapay ang kinikita ng mga manggagawang bukid. Sa pagbagsak ng presyo ng mga produktong bukid, sa utang na sila nabubuhay. Nang hindi na nakapagtanim ang mga nabangkaroteng magsasaka, wala nang pagkakitaan ang mga manggagawang bukid. Malaking dislokasyon din sa kabuhayan ng mga manggagawang bukid sa mga palayan ang pagpasok ng mga *harvester combine* at *reaper*.

**Mataas na presyo ng mga *inputs*** na produkto ng mga imperyalistang korporasyong agro-kemikal. Sa pagdadahilang may paggalaw ang presyuhan sa pandaigdigang merkado, mabilis na sumirit ang presyo at umabot pa ng lampas 200% ang presyo ng abono, binhi at mga kemikal na pang-*spray* na lalong nagpalaki sa gastos sa produksyon ng mga magsasaka na malayong mas malaki kaysa sa benta ng kanilang mga produkto.

**Mababang produksyon at produktibidad:** Ang hiwa-hiwalay at maliitang pagsasaka gamit ang mga atrasadong manwal na kagamitan sa produksyon at atrasadong pamamaraan, natural na magreresulta sa mababang ani. Ang patubig ng mga payaw ay mula sa maliliit na komunal na sistema ng irigasyon na pana-panahong nasisira kung may bagyo o malakas na pagbaha at hindi naman sumasapat sa panahon ng tag-araw. Marami pang mga palayan ang umaasa lang sa sahod-ulan kaya nalilimitahan ng kalikasan ang pagtatanim sa isang beses sa isang taon. Ang mga sakahang dating may irigasyong gawa ng NIA na winasak ng mga nakaraang bagyo ay hindi pa na-*repair* at nare*rehabilitate*. Dahil mahal ang abono, may mga magsasakang tinitipid ang ginagamit nilang abono na nagreresulta rin sa maliit na ani.

**Isang malakolonyal na bansa, hindi ganap na malaya at patuloy na kontrolado ang Pilipinas ng imperyalismong US na nagdidikta ng mapaminsalang *neoliberal* na patakaran sa ekonomiya.**

**Ilang kongkretong anyo ang:**

1 Pagsabatas ng liberalisasyon sa importasyon hindi lang ng sobra-sobrang industriyal na produkto ng mga imperyalistang kumpanya kundi maging ng mga produktong agrikultural. Ito ang nasa likod ng Rice Liberalization Law na nagbukas sa importasyon ng bigas. Maliban sa bigas, nariyan din ang importasyon ng karne, isda, gulay, asukal, prutas at iba pang produktong agrikultural na nagpabagsak sa presyo ng produkto ng magsasaka at mangingisda at nagpataas ng presyo ng pagkain. Hindi kataka-taka kung ang DA at mga MBK-PML na mga senador at kongresista ang magtutulak nito dahil sila ang pangunahing mga ahente at partner sa kalakalan ng mga imperyalista.

2 Pagsabatas ng deregulasyon sa industriya sa langis naman ay nagresulta sa lingguhang pagtaas ng presyo ng krudo, gasolina, at kerosina. Tumaas din ang presyo ng LPG at abono na kakambal ng produktong petrolyo. Ang palaging netong epekto nito ay lalo pang papataas na gastos sa produksyon at serbisyo. Tumatabo ng superganansya ang mga multinasyonal na korporasyon at kanilang mga ahente sa walang habas na pagtataas ng presyo ng produktong petrolyo.

3 Reporma sa buwis. Pagpapataw ng ibat-ibang buwis tulad ng pananagasa ng *train law*, VAT, EVAT at mga *excise tax* na pumipiga sa mga magbubuwis at nagpapataas ng presyo ng batayang bilihin. Bahagi ito ng mga kondisyon ng imperyalismo paano makakabayad ang bansa sa nakakakubang utang at para tuloy-tuloy pa sa pangungutang. Ang taun-taong pagbayad sa utang at interes sa utang ay sumasaid sa taunang badyet ng bansa at naglulubog sa Pilipinas sa utang.

4 Ang pribatisasyon ng panlipunang serbisyo sa kalusugan at edukasyon ay matinding hirap ang dinanas ng mamamayan sa pananalasa ng COVID 19 at kaugnay dito, ang *blended learning* na palpak na pag-aangkop ng Dep-Ed.



## Nag-aapoy na galit ng mamamayan sa magnanakaw, terorista at manhid na rehimeng Duterte

Sa kabila ng panggigipit, paninindak, at *red-tagging* ng halimaw na si Digong, hindi na nito mapahupa ang nag-aalimpuyong galit ng mamamayan na sadlak sa hirap at pagdurusa. Ang magkakasunod na sampung linggong pagtaas ng produktong petrolyo nitong taon ay lalo pang naglugmok sa mamamayan sa matinding kahirapan. Sa gitna ng kumukulong sitwasyon, bukod sa dating mga organisadong pagkilos, nagsulputan ang mga organisasyon at grupo mula sa hanay ng iba't ibang sektor ng lipunan na nagpaalingawngaw ng kani-kanilang mga panawagan at demanda sa rehimen na tugunan ang kahirapan na dulot ng tumitinding krisis. Tampok sa Cordillera ang nadagdag na lakas maging ng liga ng mga *trader* ng gulay ang paglaban sa ismagling at iba pang pahirap sa mga magsasaka sa gulayan.

Ang pasistang kamanhiran at kainutilan ng korap na rehimen sa pagtanggi at pagkait ng tugon sa mga makatarungang kahingian ng bayan ay nagkaanyo sa politikal na pagkakahiwalay ng naghaharing pangkating Duterte. Sa takbo ng kampanya sa iba't-ibang bahagi ng bansa, maramihang pumapaling ang mga taong dumadalo sa mga rali ni Robredo upang ibulalas ang pagkasuklam sa rehimen. Sa nalalabing mga araw sa kapangyarihan ng traydor at inutil na Duterte, hindi na maasahang makakagawa pa ito ng mapagpasyang mga hakbang sa pagtugon sa papalala ng papalalang krisis sa lipunan. Ipapasa na nito sa susunod na administrasyon ang kanyang mga pananagutan sa bayan.


Walang ibang madudulugan ang abang mamamayan kundi ang pagsandig sa lakas ng kanilang pagkakaisa at walang lubay na sama-samang isulong ang kanilang mga laban hanggang makamit ang tunay na pagbabago ng sistema ng lipunan na papawi sa ugat ng kahirapan.

## Rebolusyonaryong panlipunang pagbabago ang kasagutan

Habang nalalapit na ang araw ng pambansang halalan, naoobliga ang mga kandidatong ipaloob sa kanilang plataporma ang pagtugon sa kinakaharap na suliranin ng mamamayan, sinsero man o pagkukunwari lang. Ang mga kandidato sa mga pambansang posisyon na umakyat ng Baguio halimbawa, nangakong lulutasin ang ismagling ng gulay at bibigyan ng pangunahing diin ang agrikultura para makaahon ang mga nabangkaroteng magsasaka. Sa araw-araw na daing ng sambayanan sa pagtaas ng presyo ng bilihin, kawalan ng trabaho at bagsak na kabuhayan, itinatambol ng oposisyon ang pag-*repeal* sa Oil Deregulation Law o pagtanggal o pagsuspinde sa ipinapataw na buwis sa pamamagitan ng pag-amenda sa Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law, at kung ano-ano pa.

Ang burgis na eleksyon at ang mga kandidatong ito na nga ba ang makakapagbigay ng solusyon?

Malinaw na hindi! Pinatunayan na ng kasaysayan sa nagdaang mga eleksyon at pagpapalit-palit ng mga rehimen na habang hindi nababago ang bulok na sistema, patuloy ang paglala ng krisis sa lipunan.



Ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang magwawakas sa malapyudal at malakolonyal na sistema ng lipunan na pinagmulan ng mga batayang problemang ugat ng kahirapan. Naglalayon itong makamit ang ganap na pambansang kasarinlan at demokrasya ng mamamayan. Hindi iiral ang tunay na demokrasya kung ang mayorya ng mamamayan na binubuo ng uring magsasaka ay walang sariling lupa. Kaya ang pangunahing nilalaman ng DRB ay ang pagtugon sa problema ng kawalan ng sariling lupa ng mga magsasakang nagbubungkal sa pamamagitan ng agraryong rebolusyon. Radikal nitong babaguhin ang aping kalagayan ng mayoryang populasyon at kadugtong ng pambansang industriyalisasyon, para maisasakatuparan ang pag-unlad ng kanayunan. Kailangan ang armadong paglaban dahil hindi isusuko ng mga naghaharing uri ang kanilang mga lupaing pribadong pag-aari at pang-ekonomiya at pampulitikang kapangyarihan. Ganunding hindi epektibong mapigilan ang kanilang pangangamkam at pandadambong kung hindi madudurog ang estadong tagapagtanggol nila.

Sa loob ng lampas limang dekadang pagpapatupad ng minimum na programa ng agraryong rebolusyon, sa tulong ng BHB at gabay ng PKP, marami nang naipagtagumpay ang masang magsasaka sa paglaban sa samut-saring anyo ng pagsasamantala at pang-aapi sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan ng sama-samang pagkilos. Ang mga tagumpay na ito ay patuloy na tinatamasa ng mga magsasaka at kanilang mga pamilya sa kanayunan. Sa kabila ng pagsisikap ng naghaharing uri na bawiin ang mga tagumpay na ito, mahigpit nilang kinakapitan ang mga ito at magiting na ipinagtatanggol at ipinagpapatuloy.

Hibang ang mga *robot* na tauhan ng NTF-ELCAC, AFP-PNP, at mga sagadsaring anti-komunista sa sibilyang burukrasya na naniniwalang sa pamamagitan ng pasistang pandarahas sa mga magsasaka ay tatalikuran nila ang pagtaguyod ng armadong pakikibaka. Hindi nga nila mabanggit-banggit sa kanilang mga pagyayabang na nagtagumpay ang mga pekeng reporma sa lupa ng reaksyonaryong estado tulad ng Land Reform ni Marcos, CARP, CARPER at kung anu-ano pa sa paglutas ng problema sa lupa. Sukdulang katangahan ang arbitraryong pagmamandong talikuran ng magsasaka ang laban nila para sa lupa. Nagkakahulugan ito na hindi papayag na lang ng ganun kadali ang mga magsasaka na patuloy na yuyukod sa naghaharing uri at tiisin nila habambuhay ang pagsasamantala at pang-aapi. Maling-mali ang mga kontrarebolusyonaryo sa kanilang paniniwala na ang pinapangarap ng mga magsasakang sariling lupa at pagsusulong ng kanilang kagalingan ay mapupuksa ng mga paninindak, paulit-ulit na pagpasurender, pag-babagsak ng mga bomba, pag-aresto, pagkulong at maging sa pagpatay.

Ang malayang pagbubungkal ng maraming mga magsasaka na dati'y ipinagbabawal o ipinagkakait sa kanila ng mga konsesyon ng *logging*, makapangyarihang mga pamilya, at maging ng reaksyonaryong gubyerno mismo sa iba't-ibang bahagi ng rehiyon ay bunga ng kanilang paglahok sa buhay at kamatayang rebolusyonaryong pakikibaka. Malaya bang makapagbungkal ang mga Tingguian sa Abra kung hindi nila nilabanan ang Cellophil? Paano patuloy na mamuhay ang mga magsasakang taga-Mountain Province at Kalinga na nasa gilid ng ilog Chico kung hindi nila nilabanan ang pagtatayo ng dam na lulubog sa kanilang mga komunidad at sakahan? Hanggang ngayon, patuloy na binubungkal ng mga Ibaloi sa Benguet ang nabawing lupain sa mga Marcos para gawing Marcos Park. Tataas ba ang presyo ng tabako sa Ilocos kung hindi ito inilaban ng mga magsasaka? Iilan lang ito sa mga katotohanang kinakapitan ng masang magsasaka at pambansang minorya na hindi pwedeng baluktutin ng anumang kasinungalingan. Makatarungan ang mga demokratikong paglabang ito ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka, hindi ito aktibidad ng mga tinaguriang terorista.

## Mapangahas at mapanlikhang ipagpatuloy ang sama-samang pagkilos para sa lupa, karapatan at kagalingan

Tulad ng nasimulan na sa ilang dekada, patuloy nating isinusulong sa kanayunan ang minimum na programa

ng rebolusyonaryong reporma sa lupa. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapapababa ng upa sa lupa, pagtatanggol sa mga lupaing ansestral, pagpawi ng usura at pagpapababa ng tantos ng interes sa utang, pagpapataas ng presyo ng mga produkto, pagpapalaki ng produksyon sa mga sakahan at pagpapaunlad ng mga iba pang (sideline) pagkakakitaan. Ito ang hakbang-hakbang na lulutas sa kinakaharap na problema ng katulad ni Ninoy, Flerida, mga Isnag ng Apayao at iba pang mga mamamayang apektado ng itatayong dam, mga gardinero sa Benguet, Mtn. Province at Ifugao, mga magsasaka sa Ilocos at ng buong ICR.

*Patuloy tayong sumandig sa kapangyarihan ng ating pagkakaisa at determinasyong isulong ang rebolusyonaryong panlipunang pagbabago.*

Samantalahin natin ang panahon ng eleksyon para mabilis na makapagpalawak at maramihang makapag-organisa, buuin ang sapat na lakas at sama-samang itulak ang mga laban sa ibat-ibang antas at saklaw. Gamitin ang lahat ng paraang ipapahintulot ng kalagayan: legal, hayag, metalegal, iligal at armado. Sikapin nating makaipon ng maliliit at malalaking tagumpay na paghahalawan ng mga aral para sa pagpapataas pa ng antas sa susunod na mga pagkilos. Labanan at pangibabawan ang pananakot at *red tagging* ng mga pasistang tropa ng AFP at PNP at buong tatag na panindigan ang makatarungang pakikibaka para sa kagalingan, paggiit ng mga karapatan at kalayaan bilang Pilipino. Hindi terorista ang naggigiit at naniningil ng katarungan.

Ang ating mga demanda para sa minimum na programa ng reporma sa lupa ay mahigpit nating iugnay sa paglaban sa pasismo ng teroristang rehimeng Duterte at paglaban sa kapwa niya among imperyalismong US at China. Buong tapang na tuligsain ang kurakot, traydor at teroristang pangkatin sa kapangyarihan. Pagkakataon din ito para itulak ang paniningil sa mga ibat-ibang ayudang pinagyayabang ng reaksyonaryong rehimen kasanib ang pwersa ng mga manggagawa, mga maralita sa kalunsuran, kabataan, propesyunal, relihiyoso, akademya at iba pang mamamayan sa sentrong bayan at mga syudad ng rehiyon.

Gayundin makipagkaisa sa lahat ng pwersang oposisyon na lumalaban para biguin ang panunumbalik ng dinastiyang Marcos sa Malacañang at pananatili ng kinasusuklamang dinastiyang Duterte sa kapangyarihan. Ibigay ang tiwala at boto sa mga kandidatong nakikiisa o sumusuporta sa mga inilulunsad na laban. Ibunyag, itakwil, huwag iboto ang mga kandidatong anti-mamamayan, mandaraya at namimili ng boto.

**Posibilidad ng pagbubukas muli ng usapang pangkapayapaan**

Ang mga solusyong ito na lulutas sa ugat ng gera sibil sa ating bansa ay inihapag na ng NDFP Negotiating Panel sa isang borador ng CASER sa rehimeng US-Duterte sa ibinukas nitong maikling panahon ng usapang pangkapayapaan. Ngunit tinanggihan ito ng traydor, tirano at baliw na presidente. Sa halip, walang kasing-bangis na madugong kontrarebolusyon laban sa mamamayan ang pinakawalan ng halimaw.

Sinuman ang magwawaging presidente sa halalan ngayong taon na magbubukas sa usapang pangkapayapaan, parehong solusyon pa rin ang ihahapag ng NDFP.

Lagi't-lagi, hindi tayo umaasa na malugod na ipagkakaloob ng naghaharing uri sa lamesa ng negosasyon ang ipinaglalaban nating rebolusyonaryong solusyon sa ugat ng kahirapan. Kaya patuloy tayong sumandig sa kapangyarihan ng ating pagkakaisa at determinasyong isulong ang rebolusyonaryong panlipunang pagbabago. Sa pamumuno ng Partido Komunista, anuman ang kahirapang susuungin, buong tatag nating iyabante ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay at magpunyagi hanggang sa pagtatatag ng sosyalistang lipunan.

## Sa Ilocos - Nagpapatuloy ang mga pagkilos at pakikibakang masa sa gitna ng pandemya at kontra-mamamayang karahasang militar



**Ilang tampok na kalagayang magsasaka ng Ilocos nitong nagdaang taon:**

**Palay:** Bumaba ang presyo ng palay mula ng maipasa at maipatupad ang Rice Liberalization Law (RLL). Bumagsak ang presyo na naglalaro ng ₱12–16 bawat kilo ng palay mula sa ₱22 na presyong inabot nito bago maipatupad ang nasabing batas.

**Tabako:** Isang tagumpay sa laban ng mga magsasaka ng tabako noong huling kwarto ng nakaraang taon ang pagtaas ng floor price ng tabako ng ₱3 bawat kilo ng Virginia at ₱4 naman sa native na epektibo hanggang 2023 sa naisagawang *tripartite conference* (usapan sa pagitan ng NTA, mga kumpanyang bumibili ng tabako at magsasaka). Gayunman sa aktwal na bilihan ay bumaba ng hanggang mahigit ₱20 bawat kilo kung ikukumpara sa bilihan noong nakaraang taon. Ang Virginia na umabot hanggang ₱100 bawat kilo noong nakaraang taon (2020) ay bumagsak sa ₱80 bawat kilo at ang native naman ay bumagsak sa ₱82-₱99 bawat kilo mula sa presyong ₱120 bawat kilo. Marami ang nalugi at hindi nakapagbayad ng kanilang inutang.

**Mais:** napakababa rin ang pinairal na presyo ng mais sa halagang ₱9-₱11 sa hindi tuyo at ₱12-₱14 naman sa tuyo mula sa presyong ₱18 bawat kilo. Nangalugi ang mga magsasakang nagtanim ng mais at marami ang nabaon sa utang.

Iba pang gulay: Nagsibagsakan din ang presyo ng mga gulay. Sibuyas – mula ₱80-₱100 bawat kilo ay bumagsak tungo sa ₱18-₱25 bawat kilo. Siling (labuyo)– mula ₱700-₱1000 bawat kilo tungong ₱20-₱30 bawat kilo. Ang siling taban (bell pepper) naman – mula ₱300 tungong ₱5 bawat kilo.

Naganap ang pagkalugi ng mga magsasaka sa gitna ng pananalasa ng pandemyang Covid-19, kainutilan at kapabayaan ng gubyerno at pagpasa ng mga batas na lalong nagbabaon sa kahirapan sa mga magsasaka na pabor sa mga dayuhan at kapitalista, tulad ng pagsasabatas ng RLL. Pakikipagsabwatan naman ng gubyerno sa ismagling ng mga produktong gulay na nagpapabagsak sa presyo ng mga produktong magsasaka. Maliban sa lantad na pakikipagsabwatan, maliwanag na larawan ng kainutilan ng rehimeng Duterte ang kulang na kulang na ayudang natanggap ng mamamayan.

Maliban sa mga nabanggit sa taas, tumama rin ang mga kalamidad tulad ng tagtuyot, mga bagyo at wala sa panahong pag-ulan sa panahon ng tag-araw na sumira ng mga pananim na tabako. Sa kabila nito ay kulang na kulang ang ayudang dapat ibigay ng gubyerno sa mga naapektuhang mamamayan. Kung mayroon man ay pampalubag loob o pakitang tao lamang at hindi lahat ay nabigyan.

Sa inasahang pagsigla muli ng agrikultural na aktibidad (2022), nagmamadali namang bumawi ang mga kumpanya ng mga abono at pestidiyo kung saan hindi na halos abot ng mga magsasaka ang presyo ng mga ito. Mahigit doble ang presyo ng mga ito kaya mahigit doble na rin ang magiging gastos ng mga magsasaka sa pagtatanim ng kanilang mga

produktong bukid. Halimbawa, ang abonong urea na dating ₱1,100 ay naging ₱2,500 at ang ₱650 na isang sako ng ammonium sulfate ay naging ₱1,200. Maliban sa presyo ng abono, sumirit din ang presyo ng mga produktong petrolyo na lalong magpapalaki ng gastos ng mga magsasaka sa pagpapatubig ng kanilang pananim. Nadagdagan ng mahigit ₱20,000 ang gastos ng mga magsasaka sa bawat ektarya ng tanim nilang tabako dahil sa pagtaas ng presyo ng abono at gasolina.

Hindi tulong kundi pandarahas at panggigipit ang tinamo ng mga magsasaka ng Ilocos. Kasabay ng mga kahirapang dinaranas ng mga magsasaka sa kabuhayan, nananalasa naman ang karahasan at panggigipit ng mga pasistang tropa ng PNP at AFP. Libu-libong magsasaka ang pinwersang pinasuko bilang mga NPA at *supporter* ng NPA, *red tagging* ng mga indibidwal at mga lehitimong organisasyong magsasaka, pananakot, harasment at intimidasyon at pagkakampo sa gitna ng mga kabahayan. Maging ang mga hakbangin ng pagtutulongan na tulad ng pagbibigay tulong sa mga biktima ng kalamidad ay hinaharas at nireredtag.

**Upa sa lupa:** nangalugi na sila sa maba-bang presyo ng kanilang produkto, mataas na presyo ng mga agrikultural na suplay, kalami-dad at pandemya, dagdag pang pasanin ang upa sa lupa ng karamihang magsasakang walang sariling lupa na umaabot sa 47% ng buong magsasaka ng Ilocos. Maliban sa kahilingang maibaba ang upa sa lupa, nangungunang kahilingan nila ang magkaroon ng sariling lupa.

### Ipagpatuloy at pasiglahin pa ang mga pagkilos at laban para sa kagalingan ng mga magsasaka

Patuloy na ipaglaban ang mas mataas na presyo ng mga produktong magsasaka na tulad ng pa-lay, tabako, mais at iba pang gulay. Sa tabako, hindi dapat nagkakasya sa nakakamit sa *tripartite conference* kundi dapat hilingin at igiit sa mga *trading center* ang mas mataas na presyo para may matitirang sapat na ikabubuhay ng pamilya pagkatapos maawas ang bayad sa utang at upa sa lupa.

Ipaglaban na mapawalang bisa ang mga batas na kontra magsasaka na tulad ng RLL at Oil Deregulation Law. Ngayong panahon ng eleksyon, ito ang dapat nangungunang dala-dala ng mga kandidato sa senado at kongreso. Kung sino ang magdadala nito ay syang dapat suportahan. Pwedeng gumawa ng usapan at kaisahan sa mga susuportahang kandidato.

Igiit na pagsilbihin ang pondong nakukuha mula sa *excise tax* ng tabako sa ilalim ng RA 7171 at RA 8240 para maging ayuda sa mga magsasaka na nangalugi nitong nakaraan. Tulong para makabangon ang mga magsasaka na nalugmok sa matinding kahirapan dahil sa pandemya, mababang presyo ng kanilang produkto, mataas na presyo ng mga agrikultural na suplay at pagkakabaon sa utang.

Ipaglaban ang pagpapaliban sa pagbabayad ng mga utang at huwag nang patungan ng interes ng mga *trading center* at indibidwal na nagpapautang. Pwedeng hilingin na tulad ng nakaraan na magpasa ang mga *provincial board* ng *provincial legislation* (ordinansa) para dito. Tulad nang hindi pagbabayad ng utang sa loob ng tatlo hanggang limang taon para makabangon ang mga magsasaka.

Hindi dapat tumiklop at matakot sa pananakot, panghaharas at intimidasyon ng mga militar at pulis. Palayasin ang mga nagkakampong pwersa nila sa mga baryo at ipaglaban ang hustisya sa mga karahasan at abusong militar. Manawagan sa mga LGU na suportahan ang kanilang nasasakupan laban sa tahasang pandarahas ng militar at *red-tagging*. Sa mga kandidatong ating susuportahan, isa ito sa dapat na itaguyod nila. Ipanguna ang otoridad sibilyan sa paghahari-hariang militar. Ipanawagan ang pagbabasura sa NTF-ELCAC at iba pang kontra rebolusyonaryong batas na ginagamit kontra sa mamamayan sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Hilingin at ipaglaban ang pagpaliban ng pagbabayad ng upa sa lupa hanggang hindi nakakabangon ang mga magsasaka.

## Mabigat na pasaning pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka sa palayan ng Cordillera

Ang mga magsasakang lumilikha ng pagkain para sa lipunan ang halos walang makain dahil sa susun-susong pasaning nagpapahirap sa kanya. Dahil kabilang sa halos 60 milyon mahigit na magsasaka sa buong bansa, dinaranas rin ng humigit-kumulang na 400,000 na magsasaka sa Cordillera ang mga patung-patong na pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Napakaliliit ng mga parsela ng lupang kanilang sinasaka at kalakhan ang walang irigasyon. Pasan nila ang epekto ng liberalisasyon sa importasyon ng bigas at ismagling ng gulay, mga patung-patong na buwis at pagtaas ng presyo ng langis, abono at pestisidyo at mga pangunahing bilihin. Luging-lugi ang mga magsasaka dahil sa tumataas na gastos sa produksyon.

### Mga mapagsamantalang relasyon sa pakikisaka

Tingnan na lang natin ang kalagayan ni Ninoy, isang magsasaka sa liblib na lugar ng Cordillera. Upang matugonan ang pangangailangan ng kanyang pamilya sa pagkain, edukasyon, kalusugan, komunikasyon at kuryente, kayod-kalabaw si Ninoy sa pagtatrabaho. Mula sa sariling ipon, nakabili siya ng maliit na lupang tinamnan nila ng saging. Nagkakaingin pa siya para sa dagdag sa konsumo ng kanilang pamilya. Kahit nakabili ng sariling lupa ay nakikisaka pa siya sa kalahating ektaryang lupain ng isang maykaya sa kanilang lugar. Minsan niya ring sinubok na magtanim ng *yellow corn* ngunit hindi na niya inulit dahil sa malayong mas malaking ginastos kaysa sa aktwal na kinita.




Hindi siya umuupa ng lakas paggawa dahil buhay sa kanilang lugar ang palitan ng lakas paggawa na tinatawag na alluyon. Walo silang magkakapitbahay na nagpapalitan ng lakas paggawa sa paghahanda ng lupa, pagtatanim at pag-aani. Nagtatrabaho rin ang kanyang mga anak na estudyante upang magkaroon ng dagdag na pantustos sa kanilang mga gastos sa pag-aaral.

Sa kanilang kasunduan sa kanyang pinakikisakahan na ingkatlo, sangkatlo ng kanyang ani ang napupunta sa may-ari ng lupa bilang upa sa lupa at walang bahagi sa gastos ang may-ari ng lupa. Si Ninoy ang bumabalikat ng lahat ng gastos sa pagsasaka. Kaya't sa kabuuang 58 sako ng palay na kanyang inani noong Nobyembre 2020, nabawas ang gastos sa pagpapa-*thresher* at sahod ng naghakot ng palay, na umaabot sa anim at kalahating sako. Sa 51 sakong natira, 17 sako ang parte ng may-ari ng lupa. Tatlumpu't apat na 34 sakong palay natira sa kanya na naibenta sa kabuuang halagang ₱27,200, sa presyong ₱16 bawat kilo. Dahil siya ang sumagot sa lahat ng gastos na umabot sa ₱13,384, ang natirang netong kita sa kanya ay ₱13,816.00. Pinakamalaki sa kanyang nagastos ang sa binhi, abono at pestisidyo na umabot sa ₱9,290.

Ganito ang relasyong matingkad sa mga kanayunan ng Cordillera. Sa Abra, sa relasyong "sugpon" ay kalahati ang ibinibigay sa may-ari ng lupa bilang upa, tulad ng kaso ni Danding na 11 sako mula sa kanyang inaning 22 sako ang kanyang ibinayad na upa sa lupa. Sa Kalinga, umiiral naman ang "inguddua" (50:50), "tersya", "porsyentoan" at "muertoan" (fixed rent). Sa Apayao

naman, umiiral ang mga relasyong tulad ng 60:40, 50:50 ngunit parehas na kargo ng nakikisaka ang lahat ng gastos sa produksyon. Anuman ang sistema ng hatian, napagsasamantalahan ng todo ang mga magsasaka dahil walang partisipasyon ang may-ari ng lupa sa produksyon at napakaliit ng netong kita ang natitira sa magsasaka pagkatapos mabawas ang mga gastos sa produksyon. Sa probisyon ng DAR Administrative Order #5 na nailabas noong 1993, 25% lamang ang dapat na singiling upa sa lupa pagkatapos maibawas ang lahat ng gastos.

### Butas na bulsa dahil sa taas ng presyo ng agrikultural suplay (abono at pestisidyo) at interes sa pautang

Matindi ang pang-uusura ng mga komersyante-usurero at mga *lending institutions* sa mga magsasaka ng palay. Kung hindi palay ay pera ang pambayad sa ipinapatong na interes. Sa Tabuk City, Kalinga, ang mga sistemang "pairikan", "painteresan" at "salda-saka" ang mga porma ng pang-uusura ng mga komersyante-usurero. Pinakamalala ang sistemang salda-saka kung saan isinasangla ng magsasaka ang kanyang lupa sa usurero kapalit ng *cash* at magbabayad pa siya ng upa sa lupa. Sa Tubo, Abra, aabot sa 3 sakong palay ang bayad sa bawat sako ng abono na nagkakahalaga ng ₱1,200 na naging ₱2,400.00 sa presyong ₱800.00 bawat sako ng palay o 100% interes. Sa Quirino, Ilocos Sur, dalawang sako ng palay ang interes ng bawat sakong abono na ipinautang o may patong na interes na ₱1,600.00 ang ₱1,200 na halaga ng isang sakong abono.

Sa pagbili ni Ninoy ng mga komersyal na agrikultural na suplay tulad ng binhi, abono at pestisidyo, ₱9,290.00 ang kanyang gastos mula sa kabuuang gastos na ₱13,384.00 o 69% ng kanyang kabuuang gastos. Habang patuloy na tumataas ang presyo ng binhi, abono at pestisidyo, lumalaki rin ang kanyang gastos sa produksyon. Tumaas noong Disyembre 2021 ang presyo ng binibili niyang binhi na Bigante mula sa dating ₱1,200 tungong ₱2,000. Nitong Feb. 14-18, 2022, nasa ₱2,529 na ang presyo ng bawat 50kg na sako ng urea. Ang abonong complete ay nagkakahalaga na ng ₱1,943 bawat sako, habang ang ammosul ay ₱1,488. Tumaas ang gastos sa produksyon ngunit naibenta niya lamang sa ₱15 bawat kilo ang inaning palay.

Chart 1: Pagtaas ng gastos sa produksyon ng palay dahil sa pagtaas ng presyo ng agrikultural na suplay

| Mga biniling agrikultural na suplay | | 2021 | 2022 |
|---|---|---|---|
| 2 bags | Bigante (binhi) | ₱2,400.00 | ₱4,000.00 |
| 2 sako | Urea | ₱2,400.00 | ₱5,058.00 |
| 2 sako | Complete | ₱2,100.00 | ₱3,886.00 |
| 1 sako | Ammonium Sulfate | ₱ 500.00 | ₱1,488.00 |
| 1 bote | Cymbus* | ₱100.00 | ₱100.00 |
| 8 pakete | Varuscide* | ₱960.00 | ₱960.00 |
| 8 packs | Lannate* | ₱480.00 | ₱480.00 |
| 1 litre | Green Bee* | ₱350.00 | ₱350.00 |
| **Kabuuang Gastos sa agrikultural na suplay** | | **₱9,290.00** | **₱16,322.00** |
| **Porsyentong Itinaas ng Gastos:** | | | **75%** |

**Hindi pa kasama sa kuwenta ang pagtaas ng presyo ng mga pang-spray na herbisidyo, pestisidyo at foliar fertilizer*

Sa pagtaas ng presyo ng mga agrikultural suplay, lalo pang nalulugi at nababaon sa utang ang mga magsasaka. Mismong Department of Agriculture na ang umamin nitong Enero 2022 na umaabot na sa 141% ang pagtaas ng presyo ng abono mula 2021 kaya pumalo na sa ₱19 ang gastos sa produksyon ng bawat kilo ng palay mula sa dating ₱14-15.

### Dagdag na pasaning renta sa kagamitan

Nagpapalala sa paghihirap na dinaranas ng mga magsasaka ang mataas na singil ng upa sa mga kagamitan. Sa *thresher*, tilyar at kiskisan na gumagamit ng produktong petrolyo, tumataas rin ang singil kapag tumataas ang presyo ng mga ito. Maliban pa sa mataas ang singil sa paggamit ng kuliglig na umaabot sa ₱1,200-₱1,800 sa bawat araw, sinasagot pa ng nagpapakuliglig ang krudo at ang pagpapakain sa operator. Sa mga barangay na gumagamit na ng *harvester combine* (reaper sa mas kilalang katawagan), isang sako sa bawat

Chart 2: Pagkalugi dahil sa mataas na presyo ng agrikultural na suplay at bagsak na presyo ng palay

| Taon | 2021 | 2022 |
|---|---|---|
| Presyo ng Palay | ₱16.00 | ₱15.00 |
| Gastos: | | |
| Inputs | ₱9,290.00 | ₱16,322.00 |
| Sako | ₱1,250.00 | ₱1,250.00 |
| Pagkain sa nag-alluyon at operator ng thresher | ₱2,844.00 | ₱2,844.00 |
| | | |
| Kabuuang Gastos: | ₱13,384.00 | ₱20,416.00 |
| Halaga ng naiwang ani (34 sakong palay): | ₱27,200.00 | ₱25,500.00 |
| Netong Kita: | ₱13,816.00 | ₱5,084.00 |
| Porsyento ng Pagliit ng Kita | | 63% |

walong sakong palay ang sinisingil na upa. Sa mga gumagamit naman ng *water pump* tulad sa Bangued, Abra, ₱150 sa bawat tatlong oras ang upa ng water pump na ginagamit sa pagpapatubig sa kanilang bukirin. Nasa pagitan naman ng ₱45-₱75 ang singil sa bawat lata ng bigas sa mga pribadong kiskisan, o katumbas ng isang chupa bawat salup. Sa mga maliliit na kiskisan sa mga liblib na lugar, nagdadala pa ang mga magpapakiskis ng sarili nilang krudo. Sa pagrerenta ng kalabaw, nasa pagitan ng ₱200 (₱500 kung may kasamang magtatrabaho) ang karamihang singil sa maraming bahagi ng Cordillera.

### Pinalala ng Rice Liberalization Law ang paghihirap ng mga magsasaka

Simula nang maipatupad ang Rice Liberalization Law noong 2019, umaabot na sa mahigit ₱84.8 bilyon ang nawalang kita ng mga magsasaka sa buong bansa sa unang taon pa lamang ng implementasyon nito. Sa bayan nina Ninoy, bago maipatupad ang RLL ay nasa ₱17.50 bawat kilo ang palay na dried, habang ang nasa klasipikasyong *fresh* o di tuyo ay nasa ₱12.50-₱13.50 ang bawat kilo noong 2016. Ngunit noong 2020 na kasagsagan ng *lockdown* dulot ng Covid-19, bumagsak pa ito sa hanggang ₱10.50 bawat kilo. Sa unang bahagi ng 2021, naging ₱16 ang bawat kilo at bumaba pa sa ₱15 noong Disyembre 2021. Kaya't bumagsak sa ₱5,084 o katumbas ng 63% ang iniliit ng kanyang kita dahil sa mataas na gastos sa produksyon at mababang presyo ng kanyang produkto. Sa Tabuk City na tinatawag na 'rice granary of the Cordillera,' luging-lugi na ang mga magsasaka dahil malayo na ang agwat ng kanilang mataas na gastos sa produksyon at mababang kita dahil sa bagsak na presyo ng palay, na umaabot lamang ng ₱12 bawat kilo kung tuyo. Nasa pagitan ng ₱14-₱15 ang presyo ng bawat kilo ng palay sa maraming lugar sa Cordillera.

Sa kabila ng pangako ng RLL na bababa ang presyo ng bigas, patuloy pa rin itong tumataas dahil sa manipulasyon ng presyo ng malalaking kartel ng bigas. Sa huling tala ng Department of Agriculture nitong Pebrero 2022, nasa ₱44-₱50 pa rin ang presyo ng bawat kilo ng komersyal at *imported* na bigas sa NCR. Sa Tabuk City ay ₱970 na ang bawat 25kg na sako ng bigas o katumbas ng ₱38 bawat kilo.

Ang ibinabandong ₱10 bilyong Rice Competitiveness Enhancement Fund bawat taon na dapat sanang mapunta sa mga magsasaka sa pamamagitan ng mga ayuda at mga kagamitang pansaka ay iilan lamang ang nakatanggap. Ang iba, ang natanggap nila ay hindi *cash* kundi abono at binhing GMO. Sa ilang karanasan, ang mga di tumutubong binhi ang ipinamimigay. Ang ₱5,000 na ipinangangalandakang ayuda sa mga magsasaka ng palay ay hindi rin umaabot sa mga magsasaka sa liblib na lugar at hirap rin silang i-*follow up* dahil sa magastos at maraming pasikut-sikot na proseso ng pagkuha nito.

### Pandarahas at panlilinlang sa mga magsasaka

Ginagamit ng NTF-ELCAC ang rekurso ng DA, kasama ang iba pang ahensya ng gubyerno para sa kotra-insurhensiya sa ilalim ng istratehiyang 'whole-of-nation approach' ng rehimen. Ginagamit rin ng mga pulitiko ang ayudang para sa mga magsasaka kapalit ng boto ng mamamayan. Imbes na magpatupad ng kongkretong mga solusyon sa problema sa kawalan ng lupa, mataas na upa sa lupa, mataas na upa sa

kagamitang pansaka, bagsak na presyo ng produkto, mataas na presyo ng mga agrikultural na suplay at mataas na interes sa pautang, mga 'showcase' na proyekto lamang ang ipinapasok sa mga baryo upang linlangin silang huwag makibahagi at sumuporta sa pambansa-demokratikong rebolusyong isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. Tulad ng pagtatapal ng *band-aid* sa sugat na nagnanaknak, pinagtatakpan ng estado ang responsibilidad nito sa malalalim na ugat ng paghihirap ng masang magsasaka. Ibinibintang ng reaksyunaryong estado sa rebolusyonaryong kilusan ang mga kasalanan nito sa sambayanan. Ginagamit ang mga pondo ng mga ahensya ng gubyerno upang tabingan ang pandarahas nito sa mamamayang pinagsasamantalahan at inaapi. Nais nitong ipatanggap sa masang magsasaka na dapat lamang nilang tiiisin ang paghihirap, pagsasamantala, panlilinlang at pandarahas ng estado. Tinatawag na terorismo at paglabag sa batas kung sila ay kikilos at titindig para sa kanilang karapatan at kapakanan.




**Makatarungang panawagan ng mga magsasaka**

Higit sa lahat, tanging ang pagpapalaya sa masang magsasaka mula sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala ng mga malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at komersyante-usurero sa pamamagitan ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang solusyon sa paghihirap at pagsasamantalang pinapasan ng masang magsasaka. Makatarungan lamang na maghimagsik ang mga magsasakang patuloy na pinipiga at unti-unting pinapatay ng mga batas at patakarang nagbibigay-katwiran sa pagsasamantala sa kanila.

Sa kagyat, marapat lamang na ilaban at mabigyan ng tugon ang mga makatarungang kahilingan ng mga magsasaka. Nararapat lamang na magpunyagi sa pagpapalarga at pagtatagumpay ng mga kampanyang masa ayon sa rebolusyonaryong gabay sa reporma sa lupa. Ipaglaban ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapababa sa interes ng pautang at presyo ng mga agrikultural na suplay. Marapat lamang na ibaba ang upa sa mga kagamitan sa produksyon. Ilaban ang pagtataas ng presyo ng produkto ng mga magsasaka. Igiit ang sapat na serbisyong agrikultural tulad ng paggawa ng mga bagong irigasyon at pagkukumpuni ng mga nasira, *post-harvest facilities* at mga makinarya sa pagsasaka. Ilaban ang pagtataas ng sahod ng mga manggagawang bukid. Paunlarin ang produksyon at dagdag na pagkakakitaan ng mga magsasaka. Paunlarin ang mga anyo ng mga pagtutulungan (alluyon, ub-ubbo, kumpang at iba pa) bilang kooperatiba na magbubuo, magpapalawak at magpapatatag sa rebolusyonaryong gubyerno ng mga mamamayan.

Labanan ang importasyon ng bigas at ismagling ng gulay na pumapatay sa mga magsasaka. Ilantad, kundenahin at ipanawagan ang pagbabasura ng Rice Liberalization Law. Singilin sa mga kinauukulang ahensya ang mga nararapat na ayuda at subsidyo sa mga magsasaka, tulad ng ₱15,000 *production subsidy* at ₱10,000 na ayuda. Ang mga ito ang ilan sa mga panawagan at kampanyang marapat na iharap ng mga masang magsasaka ngayong panahon ng eleksyon.

## Matinding pagsasamantala sa mga magsasaka ng mais sa Cordillera

Lumaganap na ang pagtatanim ng mais (yellow corn) sa Cordillera. Ang karamihan ng mga nagtatanim ng *yellow corn* ay matatagpuan sa mga probinsya ng Ifugao, Kalinga, Apayao at Mountain Province. Sa probinsya pa lamang ng Apayao, umaabot na sa 32,000 ektarya ang natatamnan ng *yellow corn* at sa Paracelis, Mountain Province ay may lawak na 53,450 ektarya. Noong 2021, 78.8% na ng kabuuang produksyon ng mais sa Cordillera ay *yellow corn*, habang 21.2% ang puting mais.

Kabaligtaran ng pangakong malaking kita, mas malaki ang gastos at lugi ng mga magsasaka sa pagtatanim ng *yellow corn*. Sa isang pakikipag-aralan kay Flerida, isang kababaihang magsasaka, isinalaysay niya ang kanyang pagkakabaon sa utang at pagkalugi dahil sa pagtatanim ng *yellow corn*. Si Flerida at ang kanyang pamilya ay matagal na ring nagtatanim ng *yellow corn*. Maliban pa rito, nakikisaka rin siya at nagkakaingin upang magkaroon ng bigas na pangkonsumo ng kanilang pamilya. Nakikitrabaho rin sa labas ng probinsya ang kanyang asawa upang magkaroon ng dagdag na kita. Ngunit sa kabila nito, hindi pa rin sapat ang kanilang kita upang matugunan ang mga batayang pangangailangan ng pamilya.

### Mataas na gastos sa produksyon

Sa kaso ni Flerida, nakagastos siya ng ₱39,775 at ang kanyang pinagbentahan ay ₱38,000. Lugi sya at hindi nya nabayaran ang lahat ng kanyang inutang.

Sa binhi, abono at pestisidyo pa lamang kasama ang interes dahil inutang niya ang mga agrikultural na suplay, umaabot na sa ₱28,650 ang gastos ni Flerida o katumbas ng 72% ng kanyang kabuuang gastos na ₱39,775.00. Ang isang bag ng binhing Pioneer ay nagkakahalaga na ng ₱5,000, kaya ang dalawang bag na kanilang nagamit sa isang ektarya ay umabot sa ₱10,000 ang presyo. ₱9,900 naman ang halaga ng siyam na bag ng abonong kanilang nagamit, sa presyong ₱1,100 bawat bag. Habang nakagastos sila ng ₱2,700 para sa tatlong galong P-max na *herbicide* na kanilang ginamit, na nagkakahalaga ng ₱900 bawat galon.

Kahitman may tulungan pa sa kanilang lugar tulad ng alluyon, naging kalakaran na sa kanilang lugar ang pag-upa ng lakas paggawa sa panahon ng pagtatanim, pag-ani hanggang sa paghakot ng mais, kaya't umabot sa ₱5,750 ang kanyang nagastos sa pasahod.

Sa pagtaas ng presyo ng mga agrikulutural na suplay na ginagamit sa pagtatanim ng mais, halos doble na rin ang gastos sa isang ektaryang tatamnan ng mais. Ang urea na pangunahing abonong ginagamit ay halos doble na ang presyo at gayundin ang *herbicide*. Kaya lalo lamang syang mababaon sa utang.

### Tusong pagsasamantala sa mga magsasaka sa upa sa lupa at interes sa pautang

Maraming sistema ng pagpapaupa ng lupa ang laganap sa mga kamaisan sa Cordillera. Sa pagpapaupa pa lamang ng lupa, kung hindi mais ay pera ang ibinabayad ng mga magsasaka bilang upa sa may-ari ng lupa. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng mga magsasaka sa Kalinga, ilan sa malaganap na

Chart 1. Gastos sa produksyon

| | Halaga | Porsyento sa kabuuang gastos |
|---|---|---|
| Binhi-abono-pestisidyo | ₱22,600.00 | 72% |
| interes ng inutang na inputs | ₱6,050.00 | |
| Pagkain/painom | ₱535.00 | 1% |
| Pasueldo sa pagtatanim at pag-ani | ₱5,759.00 | 14% |
| Upa sa thresher + gasolina | ₱2,590.00 | 7% |
| Transportasyon | ₱2,250.00 | 6% |
| | | |
| Kabuuang gastos: | ₱39,775.00 | 100% |

Chart 2: Interes na binayaran ni Flerida

| | | 2021 | 2022 |
|---|---|---|---|
| 2 bags* | Binhi | ₱2,000.00 | ₱2,000.00 |
| 9 bags | Abono | ₱3,564.00 | ₱8,125.00 |
| 3 galon | Herbisidyo | ₱486.00 | ₱693.00 |
| | | | |
| Kabuuang halaga ng interes | | ₱6,050.00 | ₱10,818.00 |

**Hindi pa kabilang sa kuwenta ang pagtaas ng presyo ng binhi*

sistema sa pagpapaupa ng lupang tatamnan ng mais ay ang hatiang tersyahan (1/3), inkanem (1/6), 50-50 at kontrata. Mayroon ding mga usapang direktang cash ang ibinabayad bilang upa. Sa Pinukpuk at Rizal sa Kalinga, ₱10,000 ang bayad sa upa sa isang ektarya ng lupa bawat anihan. Ganito rin ang kaso sa Paracelis, Mountain Province kung saan ₱5,000-₱6,000 bawat ektarya ang sinisingil na upa sa lupa. Ang malala pa rito, kahit matagal nang nagkokoman ang nakikisaka sa lupa ay pinapalayas pa rin sila ng may-ari ng lupa, tulad ng retiradong koronel na si Henry Acmor sa Paracelis na nang-angkin ng halos 200 ektaryang lupain sa hangganan ng silangang Mountain Province at Ifugao.

Walang pinagkaiba ang mga komersyante-usurero sa mga lintang sumisipsip sa bunga ng pinaghirapan ng mga magsasaka sa pagtabo ng ganansya mula sa mataas na presyo ng ibinebentang agrikultural suplay at mataas na interes sa pagpapautang ng abono, pestisidyo at *cash*, at pagdidikta ng presyo ng pagbili sa produktong mais. Sa Tabuk City, Kalinga, 10% bawat buwan ang sinisingil ng mga komersyante-usurero na interes sa inuutang na *cash*, abono, herbisidyo at pestisidyo, o 40% bawat anihan. Sa Paracelis, Mountain Province, 30% ang sinisingil na interes sa pautang. Sa maraming baryo naman sa Conner, Apayao, umaabot ng hanggang 100% ang sinisingil na interes sa pautang na abono, herbisidyo at pestisidyo. Kadalasang nagiging kolateral ang titulo ng lupa at kalabaw.

Sa kaso ni Flerida, umabot sa ₱6,050 ang interes na kanyang binayaran sa komersyante-usurero dahil magkakaiba ang tantos ng interes na ipinataw sa kanyang mga inutang. Sa binhi ay 20% ang interes, na nagkakahalaga ng P2,000, sa abono ay 36% o katumbas ng ₱3,564 at sa pestisidyo ay 18% o katumbas ng ₱486. Kaya't kung halimbawang 10 magsasaka ang ganito kalaki ang interes ng pautang na sinisingil ng komersyante-usurero, ₱60,500 na agad ang kanyang kikitain sa isang baryo bawat anihan punto interes pa lamang!

### Mataas na singil sa upa sa kagamitan at pagbibiyahe ng produkto

Mabigat para sa mga magsasaka ang mataas na singil ng mga namimili at mga upahang sasakyan sa pagbibiyahe ng kanilang mga produkto. Mas lalo pa itong bumibigat dahil sa pagtaas ng presyo ng petrolyo. Depende sa layo ng lugar at kalagayan ng kalsada, nasa pagitan ng ₱14 hanggang sa pinakamataas na ₱50 ang pamasahe ng bawat sako ng mais sa mga probinsya ng Cordillera. Dahil tuloy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng gasolina at krudo, asahang mas tataas pa ang bayad sa pamasahe ng mais.

Dagdag na binabalikat rin ng mga magsasaka ang mataas na singil sa upa sa mga kagamitang pansaka tulad ng *tractor* at *thresher-sheller*. Sa pagpapa-*thresher* ng kanyang inaning 305 na lata ng mais, ₱2,440 ang binayaran ni Flerida sa singil na ₱8 bawat lata. Siya pa ang bumili ng tatlong litrong krudo na ginamit na nagkakahalaga ng ₱150. Umabot sa ₱2,250 ang siningil ng namimili na kanilang pinagkautangan bilang pamasahe ng 61 sako (2,533 kilos) na aning mais ni Flerida hanggang sa Tuguegarao, o ₱37 bawat sako. Ang nasabing buyer ang direktang pumapasok sa kanilang lugar upang maningil ng pautang at bilhin ang kanilang aning mais.

Sa iba pang lugar tulad sa Lamut, Ifugao, umaabot sa hanggang ₱1,600 ang bayad sa upa sa traktora sa kalahating ektaryang maisan.

**Perwisyo at kawalan ng ayuda sa panahon ng pandemya**

Lalo pang lumala ang pagkalugi ng mga magsasaka sa mais sa Cordillera nang humagupit ang pandemyang Covid-19 noong 2020. Bumagsak ang presyo ng kanilang mga produkto dahil sa mga *lockdown* at paghihigpit sa pagbibiyahe ng mga produkto. Kongkretong larawan nito ang nangyari sa probinsya ng Kalinga kunsaan 30% ang ibinagsak ng presyo ng mais mula sa dating ₱11-₱13 ay naging ₱8-₱10 bawat kilo noong 2020 na kasagsagan ng *lockdown* hanggang unang bahagi ng 2021. Sa Enero 2021 na tala ng gubyerno, naglalaro sa pagitan ng ₱10-₱12.75 ang karaniwang halaga ng bawat kilo ng *yellow corn* sa buong Cordillera. Dahil sa mataas na gastos sa produksyon at *lockdown*, hindi nakapagbayad ng utang ang mga magsasaka ng mais.

Sa kabila nito, malayong kulang na kulang ang ayuda na kanilang natanggap, kung meron man. Sa kasagsagan ng pandemyang Covid-19 noong 2020, minsan lamang nakatanggap si Flerida ng ayuda mula sa Social Amelioration Program (SAP) na umaabot ng ₱5,000. Karamihan na sa mga naipamigay na ayuda sa mga magsasaka sa kanilang lugar ay mga pakitang taong ayuda na tulad ng bigas, sardinas at iba pa.

Ipinapanawagan ng mga magsasaka, kabilang si Flerida, ang sapat na ayuda, angkop na subsidyo at wastong serbisyong panlipunan ngayong panahon ng pandemya upang makabawi mula sa kanilang pagkalugi. Kahitman lumiliit na ang mga kaso ng Covid-19, husto lamang na patuloy na singilin ang sapat na ayuda mula sa Social Amelioration Program, gayundin ang mga subsidyong pang-agrikultura. Marapat lamang na labanan ang mga mapang-usurang pautang. Ilan sa mga maaaring mailaban ay ang pagpapababa o pagbura ng interes ng utang, pagsuspindi ng pagbabayad sa isang takdang panahon. Kabilang rin sa mga dapat ilaban ang pagpapataas ng presyo ng produktong mais, pagpapababa ng bayad sa mga kemikal sa pagsasaka at ang paglaban sa iba't ibang pandaraya tulad ng sistema ng klasipikasyon at pagtitimbang.

Nakikiisa rin ang mga magsasaka ng mais sa laban upang ibasura ang mga batas na tulad ng Oil Deregulation Law na dahilan ng walang awat na pagtaas ng presyo ng krudo at gasolina. Habang marapat lamang na magbigay ng ayuda at subsidyo sa mga magsasakang apektado ng pagtaas ng krudo at gasolina. Marapat lamang na ipaglaban na hindi lamang ang mga may makinang *thresher, tractor,* kiskisan at iba pa ang mabigyan ng *fuel subsidy* dahil malayong mas malaki ang ginagastos ng mga magsasakang walang makinarya sa produksyon at nagbabayad ng upa upang makagamit ng mga ito. Gayundin na kailangang ipaglaban ang mga pasilidad at mga kagamitang tulad ng *mechanical dryer, water pump,* bodega at iba pa upang mapataas pa ang produktibidad at mabawasan ang mataas na gastos ng magsasaka.

Ang mga labang ito ay nakaugnay sa mas malawak pang laban ng uring magsasaka para sa lupa at kontra sa imperyalistang kontrol sa agrikultura, pang-aagaw ng lupa ng mga malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at iba't ibang porma ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, na pangunahing nagpapahirap sa libu-libong magsasaka sa mga kanayunan ng Pilipinas. Kung kaya't pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang ag-raryong rebolusyon upang palayain ang mga magsasaka mula sa daan-taong pang-aapi at pagsasamantalang kanilang nararanasan.

*Ang yellow corn ang siyang pangunahing sangkap sa paggawa ng mga komersyal na feeds para sa mga baboy, manok at isda. Maliban pa rito, ginagamit rin ang yellow corn bilang sangkap sa paggawa ng tsitsirya, ilang mga de-latang pagkain, mantika, corn syrup at iba pa.*



## Kalagayan at laban ng mga nasa produksyon at pagbebenta ng gulay




Kasabay ng pananalasa ng pandemyang Covid-19, ang mga gulayan sa Benguet, Ifugao at Mtn. Province (atbp bahagi ng bansa) ay sinalanta rin ng mga magkakasunod na kalamidad at ang nagpapatuloy na importasyon at ismagling ng gulay mula sa ibang bansa na nagiging dahilan ng pagkabangkarote ng mga magsasaka at pagkalugi ng mga maliliit na negosyante ng gulay.

Kapuri-puri ang inilunsad nilang protesta at tuloy-tuloy na pagpapanawagan sa gubyerno upang tulongan sila. Umabot hanggang sa pagdinig sa senado ang kanilang boses pero hindi pa rin humihinto ang pasok ng gulay mula sa ibang bansa. Kaya nagpapatuloy ang kanilang panawagan at nawawalan na sila ng pag-asa at tiwala na pakinggan sila ng inutil na rehimen at mga ahensya ng gubyerno nito.

Apektado hindi lang ang gulayan sa Cordillera kundi maging sa ibang bahagi ng bansa (Ilocos, Gitnang Luzon, Mindoro, atbp.) kung saan bagsak ang presyo ng sibuyas.

Nagaganap ang ismagling at importasyon dahil sa batas ng liberalisasyon ng pag-angkat ng mga produktong bukid mula sa ibang bansa na nagpapabagsak sa presyo ng mga lokal na produktong gulay, hanggang hindi na mabenta ang mga ito.

Kasabay ng suliranin sa bentahan na matinding inaapektuhan ng importasyon at ismagling, umiiral din ang mga pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa gulayan na bumibiktima sa mga magsasaka ng gulay.

Nangungunang suliranin ang sistemang pasuplay na anyo ng pang-uusura sa mga nagtatanim ng gulay na may sariling lupa pero walang sariling kapital. Dito ay ipinapautang ng suplayer ang lahat ng pangangailangan ng isang magsasaka ng gulay (pati pagkain) at saka babayaran kapag nabenta na ang pananim. Maghahati sila sa kita pagkatapos maawas ang lahat ng gastos at ang tantos ng usura ay umaabot sa 80% sa isang siklo ng pagtatanim.

Sa paglawak ng pagtatanim ng gulay, umiiral na rin ang pagpapaupa ng lupa sa mga walang lupa. Kadalasan ang mga may-ari ng lupa ay sila rin ang nagpapasuplay. May kita na sila sa pang-uusura, tiyak pa ang kanilang kita sa upa ng kanilang lupa. Kasabay nito, may mga gardinerong galing sa ibang probinsya na pana-panahong pumupunta sa Benguet, Ifugao at Mtn. Province na mangungupahan ng lupa at magpapasuplay. Ang upa sa lupa ay mula ₱5,000 kapag malayo sa kalsada at umaabot naman ng ₱20,000 kapag malapit sa kalsada sa bawat anihan. Ang karaniwang lawak na kayang tamnan ng isang indibidwal na nakapaloob sa alluyon ay kalahating ektarya.

Bago sumagasa ang pandemyang Covid-19, pana-panahong kumikita ang mga magsasaka ng gulay batay sa tinatawag nilang "swerte" kapag nataong tumaas ang presyo ng gulay sa panahon ng kanilang pag-ani. Kumikita sila ng umaabot sa mahigit ₱5,000 o mas mataas pa bawat buwan sa loob isang siklo ng pagtatanim ng gulay. Kapag

bagsak naman ang presyo ng gulay nalulugi at nagkakautang ang mga nakigarden, gayundin ang kanilang suplayer kung saan hindi na rin naniningil ng interes ang nagpasuplay. Nagkakasya na syang maibalik ang kanyang ginastos pero kung kulang pa ang naibayad, mananatiling utang ng nakigarden ito sa suplayer at kanyang babayaran sa susunod na anihan ng gulay.

Mataas din ang upa sa mga sasakyang nagbibiyahe ng gulay na umaabot sa 3-5 bawat kilo (depende sa distansya sa trading post) o ₱5,000 sa bawat byahe.

Malaking porsyento rin ang kinukuha/kotong ng mga disposer ng gulay na karaniwang 10% ng kanilang pinagbentahan. Wala namang ginawa ang mga ito kundi, kunwari'y ihanap ng bibili sa mga gulay ng magsasaka.

Tuloy-tuloy ding suliranin ang hindi istable at madalas na bumabagsak na presyo ng gulay.

**Panawagan:**


1 Suporta ng gubyerno sa mga nagtatanim ng gulay at pagtiyak ng pamilihan at storage ng kanilang produkto. Para makakumpitensya ang kanilang produkto sa mga inaangkat na produkto, kailangang-kailangan ang suporta ng estado sa produksyon hanggang sa pagbili ng produkto ng mga magsasaka upang maestabilisa ang presyo ng mga gulay.

2 Ipanawagan ang pagbasura sa mga batas ng importasyon at singilin ang gubyerno sa kanyang papel sa pakikipagsabwatan sa mga kapitalistang umaangkat at illigal na nagpapasok ng mga produktong gulay.

3 Ipanawagan sa lokal na gubyerno ng mga probinsya na magpasa ng ordinansa na alisin ang pagpapapel ng mga disposer na nangungotong sa mga magsasakang nagtitinda ng gulay.

4 Sa mga gulayan, labanan ang usura at mataas na upa sa lupa. Kasabay nito, bumuo sila (maliliit na gardinero) ng mga kooperatiba ng magsasaka ng gulay upang makapag-impok ng sapat na puhunan para sa mga susunod na pagtatanim ng gulay at para hindi sila palaging nabibiktima ng mga mapang-usurang suplayer.

Sa 1-3, kailangang magtulongan ang mga magsasaka ng gulay at mga maliliit na negosyante ng gulay.



## Ang umiigting na laban ng mga Isnag kontra sa mga Gened mega-dams

Ang mga Isnag ay ginawa ang lahat ng kanilang makakaya na ipaglaban ang kanilang karapatan sa balangkas ng Indigenous People's Rights Act (IPRA) na syang kinapalooban ng kanilang karapatan sa kanilang lupang ninuno sa loob ng batas ng Pilipinas. May apat na resolusyong kanilang pinirmahan na may mga petsang Pebrero 1, 2019, Setyembre 27, 2019, Enero 15, 2021 at Disyembre 23, 2021 laban sa mga Gened Dam 1 at 2. Mga ito ang nagpapakita ng matibay nilang tindig laban sa pagtatayo ng mga nasabing dam. Ngunit ang kanilang mga pagsisikap na tumupad sa proseso ng "Free, Prior and Informed Consent" (FPIC) na nailahad sa IPRA upang ipakita ang kanilang pagtutol sa nasabing proyekto ay napunta sa wala. Ang Pan Pacific Renewable Power Philippines Corporation (PPRPPC), ang dinastiyang Bulut at mga tagasunod nila sa NCIP na pinangunahan ni Atty. Marlon Bosantog ay binaligtad ang mga resolusyong ito para palabasing nakakuha sila ng pagpayag na nagresulta sa pagpirma ng MOA para sa pagtatayo ng dalawang dam.

Gumamit sila ng mga marurumi at maanomalyang mga maniobra tulad ng pagsasagawa ng mga huwad na pagpupulong sa mga iilang piling mga *elders*, pagbili ng katapatan ng mga nasabing *elders* at pulitiko, pananakot at pamemeke ng mga pirma. Ginamit rin ang lantarang pasismo sa pamamagitan ng pagpupwesto ng mga pulis at militar sa mga miting ng komunidad tulad ng nangyari sa Bgy. Elias Kirtog Bulut (EKB) noong Pebrero 2022, mga operasyong kombat at RCSP sa mga apektadong lugar, at ang nagpapatuloy na pag*red-tag* sa mga lider at organisasyong aktibo sa pagpapahayag ng pagtutol ng mga Isnag. Malinaw na ipinapakita nito ang kawalang-silbi ng mga batas na ito na hindi nagsisilbi sa interes ng mamamayan, kundi nagpapanguna sa ganansya at kasakiman ng mga kumpanya kaysa sa kagalingan at proteksyon ng mamamayan.

Nakumpleto na ang pag-apruba ng Commission En Banc ng NCIP sa Gened 1 at Gened 2.

Wala nang aasahan sa ligal na balangkas



Si Atty. Marlon Bosantog, ang dating rehiyunal na director ng NCIP-Cordillera ay gumanap ng susing papel sa pwersadong pagpapabilis ng prosesong FPIC hanggang sa pagkakaapruba ng mga proyektong Gened mega-dam. Dahil sa mga patraydor niyang gawi, idineklara siya ng mga Isnag bilang "Persona Non Grata." Nagbitiw siya bago ang November 15, 2021 na deadline para sa pagpapalit ng kandidato. Tuma-takbo siya ngayon bilang pangalawang nominado sa pagka-kongresista sa ilalim ng 1Peace Epanaw Partylist. Ang partylist na ito at ang mga kinatawang tulad ni Atty. Bosantog ay hindi tunay na kumakatawan sa mga pambansang minorya kundi nagsisilbi bilang mga tagapagbenta ng ating mga lupang ninuno. Marapat lamang na itakwil siya sa ating mga balota! Ayon sa nakuhang mapagkakatiwalaang impormasyon, si Atty. Bosantog ay binayaran ng malaking halaga ng Pan Pacific Renewable Power Corporation dahil sa pabor na kanyang ginawa para sa kanila.

Bago pumasok sa NCIP, siya ang isa sa mga abugado ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ng PNP noong mangyari ang mga kriminal na pagpatay sa Metro Manila sa ngalan ng Oplan Tokhang. Naatasan rin siya bilang isa sa anim na mga tagapagsalita ng pasistang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

ang mamamayang Isnag sa ilalim ng Indigenous People's Rights Act (IPRA) para maigiit ang kanilang karapatan. Gayunman, hindi nagbabago ang katotohanang may karapatan silang ipaglaban ang kanilang lupang ninuno, ang kanilang makasaysayang tahanan mula pa noong unang panahon. Hindi sila dapat na basta palayasin na lamang sa kanilang lugar. Tulad ng nasabi ng yumaong Sen. Jose Diokno noong panahon ng pakikibakang Chico Dam, "ang mamamayan, ang kultura at ang kanilang lupang ninuno ay hindi mapaghihiwalay. . . "

Natutulak sa balag ng alanganin ang mamamayan at wala silang ibang pagpipilian kundi ang patuloy na lumaban at mas paigtingin pa ang kanilang paglaban kontra sa pagtatayo ng mga serye ng Gened *mega-dam*.

Pinapupurihan ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF) at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang militansya at magiting na pagtindig ng mamamayang Isnag na ipagtanggol ang kanilang mga karapatan sa lupa at kabuhayang ipinamana ng kanilang ninuno. Ang tradisyong FETAD ay buhay na kitang-kita sa buo-buong pagkilos ng mga buong komunidad ng Isnag sa kanilang mga pakikibakang masa. Ang kanilang di-natitinag na tindig laban sa mga megadam na Gened ay kapuri-puri at nararapat na tularan. Umaalingawngaw ito di lamang sa buong Apayao, buong Cordillera at ummaabot din sa mga pambansang minoryang tulad ng mga Dumagat sa probinsya ng Quezon na lumalaban sa Kaliwa Dam, at iba pang erya ng mga pambansang minoryang naggigiit ng kanilang mga karapatan laban sa mga malalaking mapandambong at mapanirang proyekto. Nakarating na rin ito sa ibang mga bansa hindi lamang sa South East Asia ngunit hanggang United Nations. Isa itong malakas na mensahe laban sa mga traidor, "nag-aareglo" at nagbebenta na mga matataas na opisyal ng NCIP at korap na politiko na nasilaw sa kinang ng pera at mga pangakong personal na pabor mula sa kumpanya. Ang laban para sa ating karapatan sa lupang ninuno ay hindi pa tapos, at kailangan pang paigtingin ang pakikibaka upang ipagtanggol ito sa anumang pamamaraan na kinakailangan.

Ang magiting na pagtindig ng mga Isnag ay malinaw na patunay ng kanilang patuloy na komitment na ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno laban sa mga mananakop at mang-aagaw ng lupa. Sa mga huling taon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, ang makasaysayang Battle of Waga sa Kabugao noong 1913 ay naiukit na sa kasaysayan bilang huling naitalang pagtindig ng mga mandirigmang Igorot laban sa kolonyalismong Amerikano. Ngayon, ang diwa ng nasabing istorikal na Battle of Waga ay patuloy na nag-aalab sa mga puso ng mga Isnag ng Apayao. Marapat lamang na alalahanin natin ang kabayanihan ng ating mga ninuno na nagmartir sa nasabing labanan at pagkunan natin ng dagdag na lakas upang mas sumulong pa sa ating pakikibaka upang ipagtanggol ang ating karapatan sa lupang ninuno.

Habang patuloy na ipinaglalaban ang ating karapatan sa lupang ninuno sa balangkas ng ligal na proseso, alalahanin natin ang mga dakilang aral na nahalaw mula sa mga nakaraang pakikibakang masa kabilang ang pakikibaka laban sa Chico Dam - ang kumbinasyon ng armado at di-armado, ligal at meta-ligal, hayag at lihim na pakikibaka. Lahat ng mga pormang ito ay nagtulongan tungo sa isang maliwanag na direksyon - ang hindi pagkatuloy ng proyektong serye ng mga malalaking dam sa Ilog Chico na pinondohan ng World Bank.

Ang mga sagradong libingan ng mga ninunong Isnag, ang kanilang kultura bilang mamamayan na nagbibigkis sa kanila mula pa noong unang panahon at ang kanilang lupang ninuno na bumubuhay at nag-aalaga sa kanila upang mamuhay nang nagkakaisa, ang kanilang katutubong karapatan na mas mahalaga kaysa sa mga diumano'y 'pag-unlad' na ipinangako ng Pan Pacific Renewable Power Philippines Corporation. Ang pag-unlad na sinasabi ay hindi para sa mga katutubong Isnag kundi para sa pagkakamal ng ganansya ng kumpanyang PPRPPC, ang China na nagpautang ng pondo para dito, si Duterte na tumanggap ng *kickback* at iba pang mga negosyante.

**Batay sa mga pangyayari, ang mga sumusunod ang kinakailangang gawin na mga hakbang:**

1 Buuin ang ating higanteng lakas ng mamamayan para sa labang ito. Isagawa ang mga asembleya ng mga komunidad, sa anumang dating nakaugalian at praktikal na mga pamamaraang maaaring gawin. Dito natin tatalakayin at buuin ang mga kongkretong plano sa iba't ibang hakbang at porma ng pakikibaka tulad ng armado at di-armado, hayag at lihim, ligal at meta-ligal na pamamaraan. Bigkisin ang lahat ng mamamayan sa mga lugar na pagtatayuan ng mga dam na tulad ng Aoan dam, Calanasan dam, Madduang dam, Sicapoo dam at iba pa. Abutin natin ang iba pang lugar na maaapektuhan ng mga mega dams tulad ng mga munisipalidad sa hilagang Cagayan. Sa pamamagitan ng sustinidong propaganda, ilantad ang mga disimpormasyon at mga maniobra ng PPRPPC at mga tauhan nito sa NCIP at lokal na gubyerno. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, kailangan ring ipunin ang iba't ibang porma ng mga suporta tulad ng pulitikal, material at iba pa.

2 Ilantad at kondenahin ang pakikipagsabwatan ng dinastiyang Bulut at mga lokal na tauhan nila sa manipulasyon ng prosesong FPIC ng Gened Megadam na nagbubunga ng di-pagkakaunawaan at pagkakahati-hati sa hanay ng mga katutubong komunidad na Isnag at iba pang mamamayan ng Apayao. Kailangang ilantad at kondenahin ang pagbebenta ng NCIP ng ating laban, ang pulitikal na presyur, banta ng pagkakait ng pondo at pananakot ng dinastiyang Bulut sa mga lokal na opisyal at iba pang mga elders at leaders upang pwersahin silang suportahan ang pagtatayo ng mga mega-dam.

3 Kunin ang suporta ng mga lokal na kandidato na tumatakbo para sa iba't ibang antas ng mga posisyon sa pulitika upang suportahan ang laban kontra sa mga dam. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang suporta sa karapatan sa lupang ninuno laban sa mga malalaking mapandambong at mapanirang proyekto tulad ng malakihang pagmimina, proyekto sa enerhiya, logging, atbp. Pagbibigay ng sapat na publikong serbisyo at mga subsidyo at impraistruktura para sa agrikultura habang at kahit pagkatapos ng eleksyon. Ang mga krusyal na isyung ito ang ating magiging sukatan sa pagpili ng iboboto sa eleksyong 2022. Gayundin na huwag iboto ang mga kandidatong pro-dam at pro-PPRPPC at i-zero vote ang mga Bulut sa ating mga komunidad ngayong darating na eleksyon para ipakita ang ating pagkondena sa kanila.


4 Ipanawagan ang pagpapaalis ng mga detatsment ng AFP/PNP/CAFGU sa loob o malapit sa mga naiplanong pagtatayuan ng dam at/o sa mga mataong lugar. Ang presensya ng mga yunit ng AFP/PNP/CAFGU ay hindi nagsisegurado ng seguridad ng mga mamamayan kundi mas umaakto bilang mga armadong bantay ng mga kumpanya at mga padrino ng politikal na dinastiya.

5 Gawin ang lahat ng kakayahan at gumawa ng mga hakbang upang mapigilan ang pagpasok ng mga kagamitan at materyal sa mga lugar na pagtatayuan nito.

6 Hikayatin ang lahat ng Isnag na huwag magtrabaho sa pagtatayo ng dam. Gayundin, kailangang kumbinsihin ang mga manggagawang galing sa ibang probinsya na naglalayong magtrabaho sa nasabing proyekto na huwag nang magtrabaho dito. Ipaliwanag ang masamang epekto ng mega-dam sa mga komunidad ng Isnag.

7 Ang pagpapasya ng sinuman sa mga pinakamahuhusay na mga anak ng mga i-Apayao na sumapi sa NPA ay marapat na igalang at malugod na tatanggapin ng rebolusyonaryong kilusan.

8 Hikayatin ang ating mga kababayan na huwag nang pumasok sa Armed Forces of the Philippines o Philippine National Police. Magpanawagan sa mga kababayang nasa serbisyo na ng AFP/PNP/CAFGU na pag-isipang mabuti kung sino ang kanilang pinagsisilbihan at huwag pumayag na magpagamit laban sa kanilang mga sariling tribu, komunidad at bilang bayarang mamamatay-tao ng mga naghaharing uri sa lipunan. Mas mahusay pa kung sasama sila sa kanilang mga kababayan sa pagtatanggol sa karapatan para sa lupang ninuno.


PAMPLONA
Aoan Dam
pagtatayuan ng dam
ILOCOS NORTE
CALANASAN
Poblacion
Sabangan
Eleazar
Lubong
Langnao
Tubang
PUDTOL
APAYAO
Kabugawan
Tuyangan
Namaltugan
GENED 1
Lt. Bilag
Tubongan
KABUGAO
reservoir
Dibagat
PFZ: Pasuqui Fault
Laco
Bulu
Waga
Madatag
Magabta
Poblacion
GENED 2
Nagbabalayan
Luttuacan
reservoir
Sicapoo River
Madduang
pagtatayuan ng mga dam
Dagara River
Karagawan River